# Ika-Labing Anim na Linggo sa Karaniwang Panahon

*Karunungan 12,13. 16-19; Roma 8,26-27; Mateo 13,24-43*

## PANIMULA

Ngayon, nagsasalita sa atin ang Panginoon sa pamamagitan ng mga larawan ng isang bukirin, ng butil ng mustasa, at ng kaunting pampaalsa na itinago sa masa. Ipinaaalala sa atin ni Hesus na ang Diyos ay matiyagang kumikilos nang may pagtitis sa ating mundo at sa ating mga puso. Ang trigo at ang mga damo ay sama-samang tumutubo sa loob ng isang panahon, ngunit hindi kailanman tumitigil ang Diyos sa pag-aalaga sa Kanyang bukirin. Nakikita Niya ang mga posibilidad kung saan kadalasan tayo'y nakakakita lamang ng kabiguan.

Nabubuhay tayo sa isang mundong naghahangad ng agarang resulta. Madali tayong mapanghinaan ng loob dahil sa kasamaang nakapaligid sa atin, dahil sa mga kahinaan sa Simbahan, sa ating mga pamilya, at maging sa ating mga sarili. Ngunit sa araw na ito, inaanyayahan tayo ni Hesus na huwag mawalan ng pag-asa. Ang Kaharian ng Diyos ay kadalasang tahimik na lumalago, dahan-dahan at hindi napapansin, tulad ng maliit na butil ng mustasa na nagiging malaking punongkahoy.

Binababalaan din tayo ng Panginoon laban sa mapanghusgang pagtingin sa kapwa. Tanging ang Diyos lamang ang nakakakita sa buong katotohanan ng bawat puso ng tao. Habang tayo'y mabilis humatol, ang Diyos ay nananatiling matiyaga at maawain, na nagbibigay ng panahon para sa pagsisisi, paggaling at paglago.

Habang naghahanda tayong ipagdiwang ang mga banal na misteryong ito, hingin natin ang kapatawaran sa mga panahong naghasik tayo ng panghihina ng loob sa halip na pag-asa, ng paghatol sa halip na awa, ng kawalan ng pasensya sa halip na pagtitiwala.

## HOMILIYA:

Isang magsasaka minsan ang nagkuwento tungkol sa isang batang lalaki na sabik tumulong sa kanilang taniman. Isang umaga, buong pagmamalaking tumakbo ang bata patungo sa kanyang lolo at sinabi, "Binunot ko na ang lahat ng damo!"

Kunot-noong ngumiti ang lolo at lumakad patungo sa hardin. Sa kanyang pagkabigla, nabunot ng bata hindi lamang ang mga damo kundi pati na rin ang maraming murang halamang gulay. Hindi pa talaga alam ng bata ang pagkakaiba. Ang tila walang silbi sa kanya ay mahalaga pala at may buhay.

Marahang sinabi ng matandang magsasaka, " Kailangang matuto ka munang maging matiisin bago ka humusga kung ano ang nararapat manatili sa isang hardin."

Ang simpleng aral na iyon ang siyang puso ng Ebanghelyo ngayon.

Nagsasalita si Hesus tungkol sa isang bukid kung saan sama-samang tumutubo ang trigo at ang damo. Karaniwan, hindi maiiwasan ang ilang damo sa isang bukid. Inaasahan iyon ng bawat magsasaka. Ngunit sa talinghaga ni Hesus, may nakakagulat na nangyari: sinadya ng isang kaaway na maghasik ng damo sa gitna ng trigo sa kalaliman ng gabi. Isa itong gawa ng malisya, sabotahe, paghihiganti. Sa panahong nagsimula nang tumubo ang mga halaman, tapos na ang pinsala. Ang mga damo ay nakahalo na sa trigo.

Agad na nagtanong ang mga alipin ng malinaw na tanong: "Bubunutin ba namin ang mga damo?"

Ngunit ikinagulat nila ang sagot ng panginoo: "Huwag. Hayaan ninyong magkasabay itong tumubo hanggang sa anihan."

Sa unang tingin, tila kakaiba ito. Bakit papayagang manatili ang mga damo? Bakit pagtitiisan ang nakakasama?

Dahil alam ng panginoon ang isang bagay na hindi alam ng mga alipin: kung kikilos sila nang padalus-dalos, maaari rin nilang mabunot pati ang trigo.

At hindi talaga tungkol sa pagsasaka ang itinuturo ni Hesus. Ang tinutukoy Niya ay ang tungkol sa puso ng tao, tungkol sa Simbahan, tungkol sa mundo, at tungkol sa pagtitiis ng Diyos.

*Ang katotohanang inilalarawan ni Hesus ay lubhang pamilyar sa atin.* Saan man maghasik ang Diyos ng mabuting binhi, sinisikap ng kasamaan na maghasik ng mga damo.

Nakikita na natin ito sa mga unang pahina ng Banal na Kasulatan. Nilikha ng Diyos ang isang magandang hardin at ibinigay sa sangkatauhan ang masaganang buhay. Tiwala, pagkakaisa, pakikipagkaibigan sa Diyos --- ito ang mabubuting binhing itinanim ng Diyos. Ngunit agad na dumating ang ahas at naghasik ng ibang binhi: ang pagdududa.

"May ipinagkakait ang Diyos sa iyo."

At mula noon, pumasok ang kawalan ng tiwala sa puso ng tao.

Nagpapatuloy ang ganitong padron sa buong kasaysayan.

Itinatag ni Hesus ang Kanyang Simbahan upang maging tanda ng pag-ibig at pagkakaisa sa mundo. Ang mga unang Kristiyano ay lubos na puno ng pag-ibig sa kapwa kaya't nasabi ng mga tao nang may paghanga, "Tingnan Ninyo kung paano sila nagmamahalan sa isa't isa." Iyon ang trigo ng Diyos na tumutubo sa mundo.

Ngunit pagkatapos ay naghasik ang kaaway ng damo: pagkakahati-hati, paninirang-puri, pagmamataas, iskandalo, pag-aagawan sa kapangyarihan, at sama ng loob. Hanggang sa kasalukuyan, kasabay ng pambihirang kabanalan, mayroon ding kahinaan at kasalanan din sa loob ng Simbahan.

At ang parehong pakikibaka ay umiiral din sa loob ng mga pamilya.

Taos-pusong itinatanim ng mga magulang ang binhi ng pananampalataya sa kanilang mga anak. Tinuturuan nila ang mga ito na manalangin, isinasama sa Banal na Misa, tinuturuan sila ng kabaitan at katapatan. Ngunit kalaunan, minsan ay pinipili ng mga anak ang mga landas na lubhang sumasakit sa puso ng kanilang mga magulang. Itinatanong nila sa kanilang sarili, "Saan ito nanggaling? Hindi naman namin ito itinanim."

Hindi nga nila iyon itinanim. Ngunit may isa pang manghahasik na kumikilos din sa mundo.

Kaya't ikinukuwento sa atin ni Hesus ang talinghagang ito. Nais Niyang maunawaan natin ang katotohanan nang hindi nawawalan ng pag-asa.

May isa pang tuksong nakatago sa Ebanghelyong ito --- ang tuksong maging malupit na hukom.

Minsan tinitingnan natin ang mundo, ang Simbahan, o maging ang ating sariling pamilya at iniisip natin: "Hindi ba't mas madali kung aalisin na lang natin ang lahat ng masasamang tao? Paghiwalayin na agad ang mabubuti at ang masasama?"

Maging ang mga alagad ay minsang nahulog sa tukso ring iyon. Nang tanggihan ng isang nayon ng mga Samaritano si Hesus, nagtanong sila, "Panginoon, nais Mo bang tumawag kami ng apoy mula sa langit upang lipulin sila?"

Ngunit sinaway sila ni Hesus.

Ang tao ay kadalasang sabik na maglinis, humatol, magbukod, at magbunot. Ngunit ipinapakita ng kasaysayan kung gaano kapanganib ang sigasig na iyon kapag nawalan na ito ng kababaang-loob at awa.

Sapagkat ang katotohanan ay ito: ang hangganan sa pagitan ng trigo at damo ay hindi lamang tumatakbo sa pagitan ng "tayo" at "sila." Ito ay tumatakbo sa puso ng bawat tao.

May trigo sa atin --- kabutihan, pagkabukas-palad, pananampalataya, pag-ibig.

Ngunit mayroon ding mga damo--- pagmamataas, pagkamakasarili, pagkainip, galit, at takot.

Kahit si San Pedro ay nagpapakita sa atin ng hiwagang ito. Sa isang sandali, sinabi ni Hesus sa kanya, "Ikaw si Pedro, at sa batong ito ay itatayo ko ang aking Simbahan." Ilang talata lamang ang lumipas, sinabi rin ni Hesus sa kanya, "Lumayo ka sa Akin, Satanas."

Alin nga ba talaga si Pedro? Trigo o damo?

Ang sagot ay: kapwa umiiral ang dalawang katotohanang ito sa kanyang kalooban at kapwa nagpupunyagi sa loob niya..

At gayundin sa bawat isa sa atin.

Isa sa pinakamalaking panganib sa buhay-espiritwal ay ang paniniwalang tayo ay makakahatol tayo nang ganap sa ibang tao. Tanging ang Diyos lamang ang nakakakita sa buong bukirin. Tanging ang Diyos lamang ang nakakakita sa mga nakatagong pakikibaka, mga sugat, mga tunay na hangarin, at mga posibilidad na nasa kaibuturan ng bawat kaluluwa.

Kaya't sinasabi ng unang pagbasa ngayon ang isang bagay na napakaganda tungkol sa Diyos:

"Humahatol Ka nang may kahinahunan."

Ang Diyos ay makapangyarihan kaya Siya ay marunong maghintay at maging mapagtiis.

Minsang ikinuwento ng isang pari ang kanyang pagbisita sa isang bilangguan kung saan nakilala niya ang isang lalaking nahatulan dahil sa mabibigat na krimen. Sa simula, nahirapan pa siyang makipag-usap nang may kabaitan sa bilanggo. Ngunit sa kanilang mga pag-uusap, nagsimulang umiyak ang bilanggo at sinabi, "Padre, nakikita ng lahat ang mga nagawa kong kasalanan. Ngunit walang nakakakita sa batang minsan akong naging."

Sinabi ng pari pagkatapos, "Sa sandaling iyon, napagtanto kong hindi kailanman tumitigil ang Diyos sa pagtingin sa taong nakatago sa likod ng kasalanan."

Hindi ito nangangahulugan na hindi mahalaga ang kasamaan. Napakalinaw ng sinabi ni Hesus: darating ang panahon ng pag-aani. Darating ang paghuhukom. Hindi magkapareho ang mabuti at masama. Ang ating mga pasiya ay may walang hanggang bunga.

Ngunit sa ngayon --- ngayon ay panahon pa rin ng awa.

Tulad ng sinasabi ni San Pablo sa ibang bahagi, " Hindi ba ninyo nalalaman na ang pagtitiis ng Diyos ay naglalayong akayin kayo sa pagsisisi?"

Ipinagpapaliban ng Diyos ang paghatol hindi dahil sa Siya'y walang malasakit, kundi dahil umaasa Siya sa ating pagbabalik-loob.

Pagkatapos ay ibinigay sa atin ni Hesus ang dalawa pang talinghaga: ang butil ng mustasa at sa pampaalsa.

Ang butil ng mustasa sa Israel ay napakaliit --- halos hindi nakikita. Isang pari ang naglarawan ng pagpapakita ng tunay na butil ng mustasa mula sa Banal na Lupain sa isang bakasyunan. Napakaliit nito na isang matandang babaeng may mahinang paningin ang lumapit nang lumapit upang subukang makita ito. Ngunit sa huli, hindi niya sinasadyang maihipan ito ng kanyang hininga—at hindi na nila ito muling nakita.

Gayunman, sinasabi ni Hesus na ang munting binhing ito ay magiging malaking punongkahoy na pinamamahayan ng mga ibon.

Ano ang itinuturo sa atin ni Hesus?

Na ang Kaharian ng Diyos ay kadalasang nagsisimula sa maliliit, tahimik, at halos hindi napapansing paraan.

Isang tahimik na panalangin.

Isang batang natututong gumawa ng tanda ng krus.

Isang salitang nagpapatawad.

Isang tapat at matatag na pag-aasawa.

Isang pagdalaw sa maysakit.

Isang sakripisyong walang nakaaalam.

Isang malungkot na taong patuloy na nagtitiwala sa Diyos.

Wala sa mga bagay na ito ang tila kahanga-hanga o kapansin-pansin sa paningin ng mundo. Ngunit lumalago ang Kaharian ng Diyos sa pamamagitan mismo ng ganitong maliliit na binhi.

Nabubuhay tayo sa isang mundong nabibighani sa agarang resulta. Gusto natin na ang lahat ay mangyari kaagad: tagumpay, kabanalan, pagbabago, mga kasagutan. Ngunit alam ng bawat magsasaka na matapos siyang  maghasik ng binhi, hindi na niya ito puwedeng hukayin araw-araw upang tingnan kung tumutubo na ba ito. Kung ginawa niya iyon, masisira lamang ang binhi.

Ang paglago ay nangangailangan ng pagtitiis.

Ganoon din sa buhay-espiritwal.

Minsan napapanghinaan ng loob ang mga tao dahil hindi nila nakikita ang agarang pagbabago --- sa kanilang sarili, sa Simbahan, o sa lipunan. Ngunit kadalasan, tahimik na gumagawa ang Diyos sa ilalim ng ibabaw kahit hindi natin ito nakikita..

Isipin ninyo kung gaano na karaming nagbago sa paglipas ng mga henerasyon. May mga panahong ang mga Kristiyano ng iba't ibang tradisyon ay nagtratrato sa isa't isa nang may hinala at poot. Ngayon, marami ang sama-samang nananalangin, naglilingkod, at naghahanap ng pagkakaisa. Ang minsang tila imposibleng mangyari ay dahan-dahang nagsimulang lumago tulad ng butil ng mustasa.

Ang gawain ng Diyos ay kadalasang tahimik, unti-unti, at natatago.

At marahil iyon ang salitang kailangang marinig ng marami sa atin ngayon.

Huwag hamakin ang maliliit na simula.

Huwag mawalan ng pag-asa dahil ang bukid ay mayroon pa ring mga damo.

Huwag humatol nang madalian.

Huwag mawalan ng pag-asa sa iyong sarili.

Kahit na madalas tayong makadama ng kahinaan, pagkalito, o panloob na pakikibaka, ipinaaalala sa atin ni San Pablo sa pangalawang pagbasa ngayong araw:

"Tinutulungan tayo ng Espiritu sa ating kahinaan."

Hindi hinihintay ng Diyos ang perpektong tao bago Siya magsimula ng Kanyang gawain. Gumagawa Siya mismo sa gitna ng ating kahinaan.

Gusto kong magtapos sa isa pang kuwento.

Isang babae minsan ang bumili ng isang lumang abandonadong bahay na may napabayaang hardin sa likuran. Tuyot ang lupa, nagsisukal ang mga halaman, at halos natatakpan na ng mga damo ang buong hardin. Pinagtawanan siya ng kanyang mga kapitbahay nang sabihin niyang nais niyang buhaying muli ang hardin.

Ngunit araw-araw ay tahimik siyang nagtrabaho. Dinidiligan niya ang hardin. Nagtanim siya ng mga binhi. Maingat at matiyaga niyang inaalis ang mga damong kaya niyang alisin. Sa loob ng ilang buwan, walang kapansin-pansing nangyari.

Ngunit isang umaga ng tagsibol, biglang namulaklak ang buong hardin. Naglipana ang makukulay na bulaklak. Nagbalikan ang mga ibon. Huminto ang mga tao at namanghang pinagmasdan ang kagandahan nito.

May nagtanong sa kanya, "Paano ito nangyari?"

Sumagot siya, "Matagal na itong tumutubo bago pa ito nakita ng iba."

Ganyan ang Kaharian ng Diyos.

Patuloy na kumikilos ang Diyos sa nakatagong lupa ng mundo.

Patuloy na kumikilos ang Diyos sa Kanyang Simbahan.

Patuloy Siyang kumikilos sa iyong puso.

Kaya maging matiyaga.

Maging mapagmatyag.

Patuloy na maghasik ng mga binhi ng pag-asa.

At magtiwala sa Banal na Hardinero, na Siyang tanging nakaaalam kung paano magbubunga ang Kanyang ani sa takdang panahon.

Amen.

**Translated by William Valdrez, Jr. , Perth, Australia**